## Joseph – Tagapagpaliwanag ng mga Panaginip

**(Genesis 39-41:45)**

Si Joseph, ang panganay na anak nila Jacob (na kilala bilang Israel) at Rachel na pinagbili ng kanyang mga kapatid, ay nakarating sa Egipto. Siya ay pinagbili naman kay Potifar na isang punong kawal ng Faraon at kapitan ng mga tanod sa palasyo.

Naglingkod si Joseph sa bahay ni Potifar. Napansin ni Potifar na pinagpapala ng Diyos si Joseph sapagkat nagtatagumpay ito sa lahat ng kanyang ginagawa. Dahil dito, ginawa niyang katiwala ng kanyang bahay at bukirin si Joseph.

Si Joseph ay makisig na lalaki kaya ang asawa ni Potifar ay nagustuhan siya. Sinabi niya kay Joseph na gawin ang isang masamang bagay. Tumanggi si Joseph at dali-daling tumakas palabas. Kahit hindi ginawa ni Joseph ang gusto ng asawa ni Potifar, pinalabas pa rin niya na ginawa ito ni Joseph. Nagalit si Potifar ng malaman ito kaya't pinahuli niya si Joseph at ipinakulong.

Hindi pinabayaan ng Diyos si Joseph. Ang bantay ng bilangguan ay napakabait sa kanya. Ginawa siyang tagapamahala ng lahat ng mga bilanggo at ng mga gagawin sa loob ng bilangguan. Hindi na halos nakikialam ang bantay ng bilangguan sa ginagawa ni Joseph sapagkat ang Diyos ay kasama nito at pinagtatagumpay siya sa lahat ng kanyang gawain.

Isang umaga nang dumalaw si Joseph sa dalawang bilanggo na kanyang pinamamahalaan napansin niya na ang mga ito ay balisa. Tinanong niya kung bakit at sinabi nilang pareho silang nanaginip. Isinalaysay nila kay Joseph ang kani-kanilang panaginip. Matapos marinig ay binigyang paliwanag ni Joseph ang panaginip ng bawat isa. Sinabi niya sa tagapangasiwa ng inumin na sa loob ng tatlong araw ay ipatatawag siya ng Faraon, patatawarin at ibabalik siya sa tungkulin. Binilin niya sa tagapangasiwa ng inumin na huwag

siyang kalimutan kapag siya ay nakalaya na. Sinabi naman niya sa panadero ang hindi magandang mangyayari sa kanya sa loob ng tatlong araw.

Lahat ng sinabi ni Joseph sa dalawang bilanggo ay nangyari, ngunit siya'y nakalimutan ng tagapangasiwa ng inumin.

Makalipas ang ilang taon nanaginip ang Faraon. Nabagabag ito kaya't ipinatawag niya ang mga salamangkero at matatalinong tao sa Egipto upang maipaliwanag sa kanya ang kanyang panaginip. Ngunit wala ni isa sa kanila ang nakapagbigay ng kahulugan nito. Napagalaman ni Faraon mula sa tagapangasiwa ng mga inumin na may kilala siyang mahusay magpaliwanag ng panaginip.

Ipinatawag agad ng Faraon si Joseph. Sinabi ni Joseph na hindi siya ang nakapagpapaliwanag ng panaginip kundi ang Diyos ang siyang magbibigay ng sagot sa kanyang katanungan. Isinalaysay ng Faraon ang kanyang panaginip at ito ay binigyang paliwanag ni Joseph. Sinabi niya na iisa lang ang kahulugan ng kanyang dalawang panaginip. Magkakaroon ng pitong taong kasaganaan ang Egipto at pitong taon ng taggutom. Bukod sa pagpapaliwanag ng panaginip ng Faraon ay nagbigay rin si Joseph ng mga panukala upang mapaghandaan ang mangyayari na siya namang nagustuhan ng Faraon at ng kanyang mga kagawad.

Inilagay ng Faraon si Joseph bilang gobernador ng Egipto sapagkat nakita niya na ang Espiritu ng Diyos ay kasama ni Joseph at walang nakahihigit sa kanyang karunungan at pang-unawa.

Ang Diyos ay mapagpala. Anuman ang sitwasyon ni Joseph, siya ay Kanyang pinagtatagumpay. Kinikilala ni Joseph na ang lahat ng pagpapala at kakayanan na meron siya ay mula sa Diyos. Kinikilala mo rin ba na mula sa Diyos ang lahat ng mga pagpapala at kakayanan na meron ka?